



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California  
Toll-Free (800) 776-5746*

## Mapagtanggol na Pangangasiwa ng In-Home Supportive Services (Mapagtanggol na Pangangasiwa ng Mga serbisyong Mapangsuporta sa Tahanan)

---

***Disyembre 2017, Pub. #5493.08***

Ang mapagtanggol na pangangasiwa ay isang serbisyo ng IHSS para sa mga tao na, sanhi sa isang kapinsalaan hinggil sa pag-iisip o karamdaman hinggil sa pag-iisp, ay kailangang maobserbahan nang 24 na oras kada araw para protektahan sila sa mga pinsala, panganib o mga aksidente. Ang provider ng IHSS ay maaaring bayaran para mag-obserba at magsubaybay ng may kapansanang bata o may sapat na gulang kapag maaaring manatiling ligtas ang tao sa bahay kung ibinibigay ang 24 na oras na pangangasiwa. MPP 30-757; MPP 30-757.173(a).

Ang mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa ay maaaring mahirap makuha at kakailanganin nang malinaw na dokumentasyon ng pangangailangan ng serbisyo. Ang publikasyon na ito ay hangad na matulungan kang maunawaan ang pamantayan ng pagkanararapat sa pagkuha ng mapagtanggol na pangangasiwa at matulungan kang tutulan ang pagtangi sa mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa. Ang publikasyon na ito ay nilalaman ang kalakip na materyales, kung saan ay kakailanganin mo upang humiling ng mapagtanggol na pangangasiwa at maghanda para sa isang pagdinig.

- 1) Pagtatasa ng Pangangailangan para sa Mapagtanggol na Pangangasiwa ng In-Home Supportive Services Program (SOC 821)

(3/06)). - Ang form na ito ay dapat kumpletuhin ng doktor ng tumatanggap ng IHSS.

- 2) Sampol ng Sulat ng Doktor ng Mapagtanggol na Pangangasiwa. – Dapat magbigay ang doktor ng tumatanggap ng IHSS ng mas detalyadong sulat na ipinapaliwanag ang pangangailangan. Kakailanganin din ng doktor ng tumatanggap ng kokpya ng talaan ng Panganib o Pinsala ng tumatanggap upang magawa ang sulat na ito.
- 3) Plan ng Nasasaklawan ng 24 na Oras kada Araw na Mapagtanggol na Pangangasiwa (SOC 825 (6/06)). – Dapat mong kumpletuhin ang form na ito.

### **Bakit mahalaga ang mapagtanggol na pangangasiwa?**

Ang programa ng IHSS ay binubuo ng apat na programa kung saan ay tatalakayin sa huli. Ang mga taong magiging karapat-dapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa ay karapat-dapat para sa pinakamaraming bilang ng mga buwanang oras, alinman sa 195 o 283. Gayunman, ang pinakamaraming bilang ng mga oras ay dumidepnde sa kung saan sa apat na programang lalapat at kung itinuturing ang tumatanggap na “matinding napinsala.” Ang kabuuang bilang ng mga awtorisadong oras (yan ay mga oras na maaaring makuha ng tumatanggap) ay maaari ring isaayos sanhi sa pagtanggap ng mga alternatibong pinagkukunan. Ang mga tumatanggap ng IHSS ay dapat sumangguni sa kanilang Notice of Action para makita kung aling programa ng IHSS sila inilagay at kung paanong tinutukoy ng county ang kanilang mga oras.

### **Ang apat na programa ng IHSS at ang pinakamaraming oras na maaaring matanggap ng mga indibidwal ay:**

- Ang IHSS Residual Program (IHSS-R)
- Ang hindi matinding napinsalang mga indibidwal ay maaaring makatanggap nang hanggang sa pinakamarami na 195 oras kada buwan kapag tumatanggap ng Mapagtanggol na Pangangasiwa. Ang mga matinding napinsalang indibidwal ay tumatanggap nang 283 oras kada buwan. (Welfare and Institutions Code § 12303.4.)
- Ang Personal Care Services Program (PCSP)

- Ang mga consumer na nakatala sa PCSP ay mga karapat-dapat tumanggap ng pinakamaraming 283 oras kada buwan nang walang pagtatangi sa kung sila man ay itinalagang hindi-matindi o matinding napinsala. (All County Letter 93-21 (Marso 16, 1993) sa <http://www.dss.cahwnet.gov/lettersnotices/entres/getinfo/acl/93/93-21.PDF>.)
- Ang IHSS Plus Option (IPO)
- Ang hindi matinding napinsalang mga indibidwal ay maaaring makatanggap nang hanggang sa pinakamarami na 195 oras kada buwan kapag tumatanggap ng Mapagtanggol na Pangangasiwa. Ang mga matinding napinsalang indibidwal ay tumatanggap nang 283 oras kada buwan. (Welfare and Institutions Code § 14132.952; All County Letter 11-19 (Pebrero 23, 2011) sa <http://www.dss.cahwnet.gov/lettersnotices/entres/getinfo/acl/2011/11-19.pdf>.)
- at,
- Ang Community First Choice Option (CFCO)
- Ang mga indibidwal na hindi-matinding napinsala ay maaaring makatanggap ng 195 oras ng mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa, at saka mga oras para sa ibang serbisyo, hanggang sa isang pinakamarami na 283 oras kada buwan. (All County Letter 14-60, tingnan ang (Agosto 29, 2014) sa <http://www.dss.cahwnet.gov/lettersnotices/EntRes/getinfo/acl/2014/14-60.pdf>.)

## **Paano maging karapat-dapat bilang Matinding Napinsala?**

Para maging karapat-dapat bilang “matinding napinsala” dapat kailanganin ng indibidwal nang dalawampu o higit pang oras kada linggo sa larangan ng mga personal na serbisyo ng hindi pangmedikal, paghahanda ng pagkain, paglilinis ng pagkain kapag kinakailangan ang paghahanda ng mga pagkain at pagpapakain, at mga serbisyong paramedical (MPP 30-701(s)(1)).

## Kailan nakalaan ang mapagtanggol na pangangasiwa ng IHSS?

Ang mga indibidwal na karapat-dapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa ay dapat mayroong:

- 1) “Kapinsalaan hinggil sa pag-iisip” o “karamdaman hinggil sa pag-iisip” na nagsasanhi ng mga paglilimita sa paggana sa:
  - Memorya (hal. nakakalimutan ang mga bagay, tao, lugar, para simulan o tapusin ang isang gawain, atbp.)
  - Oryentasyon (hal. walang kakayahang makakilala at umangkop sa panahon, mga tao, lugar, kapaligiran, paligid atbp., kinakailangang mabuhay at tapusin ang mga gawain.)
  - Pagpapasya (hal. pagdedesisyon kung saan inilalagay ang kalusugan at/o kaligtasan ng indibidwal sa panganib),

At

- 2) Ang kapinsalaan ay dapat magsanhi sa tumatanggap na makaranas ng pagkalito at kawalang-kakayahang pangasiwaan ang sarili o ang kanyang mga pag-uugali para panatilihing ligtas at malaya ang kanyang sarili sa panganib o pinsala. MPP 30-757.171. Bilang halimbawa, ang isang tumatanggap ng IHSS na hindi nauunawaan kung ano ang maaari niyang gawin o hindi gawin at, nang walang mapagtanggol na pangangasiwa, ay mamimiligro sa pinsala sa pagtangkang gawin ang mga bagay na lampas sa kanyang mga kakayahan. Ang naturang matitinding kapinsalaan ay maaaring mangyari na may kasamang kakulangan sa pag-iisip, autism, Alzheimer's, mga dementia, at mga saykayatrikong kapansanan. **Gayunman, ang pagkakaroon lamang sa isa sa mga kapansanan na ito ay hindi awtomatikong magiging karapat-dapat ang tumatanggap ng IHSS para sa mapagtaggol na pangangasiwa.**

At

- 3) Dapat din tukuyin ng county na kinakailangan ng tumatanggap na maobserbahan nang dalawampu't-apat-na-oras-kada-araw upang manatiling ligtas ang tumatanggap sa bahay. MPP 30-757.173. Hindi ito nangangahulugan na kailangang naroroon ang provider at binabantayan ang indibidwal sa lahat ng oras. Maaari kabilangan nito ang pag-oobserba ng indibidwal sa ilang alternatibong paraan habang

naiiwang mag-isa ang indibidwal sa maikli, tiyak na haba ng panahon. MPP 30-172.(b)(3) at ACL 98-87.

Kailangan din ng kawani ng county na ipaliwanag ang pagkakaroon at pangangailangan ng mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa at kung hindi man sa labas ng bahay na pangangalaga ang magiging angkop na alternatibo sa mapagtanggol na pangangasiwa. MPP 30-757.174.

## **Kailan hindi nakalaan ang Mapagtanggol na Pangangasiwa?**

Ang mapagtanggol na pangangasiwa ay tatanggihan kung ang pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa ay para sa:

- Magiliw na pagbisita o mga aktibidad na pakikipagkapwa
- Kapag ang pangangailangan ay sanhi ng isang medikal na kundisyon at ang taong nangangailangan ng medical na pangangasiwa (hal. pagbabantay sa tumatanggap at pagsipsip o pagpihit sa tumatanggap para maiwasan ang pagdikit)
- Bilang pag-asam sa isang medikal na emergency (hal. malalang kapinsalaan sa mga paggana ng katawan o malalang hindi paggana ng anumang bahagi ng katawan o bahagi ng organo. Kabilang sa mga halimbawa ang stroke, atake o atake sa puso o hika).
- Para kontrolin ang pag-uugali ng tumatanggap na galit-sa-lipunan o agresibo (hal. napapaaway o nagsisira ng ari-arian).
- Para magbantay laban sa ugaling sadyang (yan ay pagkatapos nang maingat na pagsasaalang-alang sa epekto at mga kahihinatnan) pagsira sa sarili, tulad ng pagpapakamatay, o kapag alam na balak ng indibidwal na saktan ang kanyang sarili. (MPP 30-757.172)

## **Nakalaan ba ang mapagtanggol na pangangasiwa sa mga bata?**

Oo. Ang bata ay maaaring makatanggap ng mapagtanggol na pangangasiwa. Gayunman, ang bata ay dapat kailanganin nang mahigpit na pangangasiwa kaysa sa ibang bata ng parehong edad.

Dapat tasahin ng mga kawani ng county ang paggana hinggil sa pag-iisip ng lahat ng bata sa isang isinaindibidwal na batayan at magkaloob ng mapagtanggol na pangangasiwa batay sa isinaindibidwal na

pangangailangan. Ang lahat ng batang may kapinsalaan ay dapat matasa para sa mapagtanggol na pangangasiwa.

Ang mga bata ay maaaring hindi matanggihan ng mapagtanggol na pangangasiwa batay sa:

- Edad lamang,
- Dahil hindi pa nangkaroon ng pinsala kamakailan lang,
- Dahil iniwang mag-isa ng magulang ang bata sa isang tiyak na haba ng oras, tulad nang limang minuto.

Dapat isaalang-alan ng county ang lahat ng katotohanan sa pagpapasya ng pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa kabilang ang mga bagay tulad ng edad, kakulangan ng mga pinsala, kawalan ng magulang.

Dapat din makipag-usap ang county sa magulang o tagapag-alaga ng bata tungkol sa pagkakaroon at pagkanararapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa at huwag ipagpalagay na maibibigay ng mga magulang o tagapag-alaga ang mga serbisyo nang libre. (ACL 98-87)

### **Pagdokumento sa mga pag-uugali sanhi sa kapansanan hinggil sa pag-iisip o karamdaman para maipakita ang pagkanararapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa**

Para ipamalas ang pagkanararapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa kakailanganin mong magbigay ng dokumentasyon na nagpapakita na dahil sa kapansanan hinggil sa pag-iisip o karamdaman hinggil sa pag-iisip, ang tumatanggap ng IHSS ay nasa peligro na mapinsala kung hindi mapangangasiwaan sa anumang oras sa panahon nang isang dalawampung oras kada araw. Dapat magbigay ang dokumentasyon ng mga halimbawa ng mga bagay na gagawin ng tatanggap mga bagay para saktan ang kanilang sarili o ilagay sila sa kapinsalaan kapag iniwang mag-isa.

Kung hindi mo matukoy ang anumang mapapanganib na pag-uugali na mayroon ang tumatanggap o mga bagay na gagawin ng tumatanggap na magsasanhi ng pinsala o magiging hindi ligtas ang tumatanggap kapag iniwang mag-isa, malamang na matanggihan ang iyong kahilingan para sa mapagtanggol na pangangasiwa.

Dapat mong siguraduhin na magtatabi ng kopya ng lahat ng dokumentasyon na iyong nakalap para maipakita ang pagkanararapat para sa mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa.

### **1) Lumikha ng Talaan ng panganib/Pinsala**

Ang pinakamagandang paraan para maipakita ang pagkanararapat (yan ay pangangailangan ng mapagtanggol na pangangasiwa) ay sa pamamagitan ng paglikha ng listahan o talaan para maidokumento ang pang-araw-araw na aksidente/pinsala o, muntik nang aksidente/pinsala na natamo ng tumatanggap, sa loob nang nakaraang anim (6) na buwan o mas matagal kung kinakailangan.

Ang talaan o listahan na gagawin mo ay dapat ilarawan ang bawat aksyon na ginawa ng tumatanggap na maaaring magdulot ng kapinsalaan, o nailagay ang tumatanggap sa peligro o pinsala o kasiraan, at kung gaanong kadalas nangyayari ito.

Ang ilang halimbawa ng mga uri ng pag-uugali na ito ay kabilang ang: pag-iwan ng mga nakasinding sigarilyo sa buong bahay, paggamit ng SOS pad para maligo at linisin ang kanyang sarili, paggala sa labas ng bahay at maligaw, pagpapasok sa mga taong hindi kilala, pagbubukas sa kalan at nakakalimutang patayin ito, pagsisindi nang maliliit na apoy sa paligid ng bahay, pag-iwang tumutulo ang tubig, pagkain nang mapanganib na mga produkto o hindi malusog na mga pagkain, pag-untog sa ulo, pagkagat at pagkamot sa sarili, paggamit ng mga kutsilyo o iba pang bagay na pangsambahayan, pag-akyat sa mataas na lugar at pagtalon dahil sinusubukan niyang lumipad, pagtago sa loob ng refrigerator, pagsundot ng mga daliri sa saksakan ng bumbilya para malaman kung gumagana ang kuryente, paglaboy sa kalye nang walang pagsasaalang-alang sa paparating na trapiko, pagtalon sa swimming pool nang walang kaalaman sa paglangoy, sinusubukang galawin ang muwebles kapag nakukulangan ng kinakailangang balanse at lakas ang indibidwal, sinusubukang bumangon sa higaan kapag kinukulangan ang indibidwal ng kinakailangang kakayahan na gamitin o konrolin ang mga kalamnan, pagsasagawa ng anumang gawain na lampas hinggil sa pag-iisip o pisikal na kakayahan ng indibidwal na maaaring magsanhi ng pinsala o kasiraan sa tumatanggap.

Kung hindi nagkaroon ng aksidente ang tumatanggap o inilagay ang kanyang sarili kamakailan lang sa isang mapanganib na sitwasyon, ipaliwanag kung bakit. Bilang halimbawa, binabanatayan ang indibidwal

nang 24 na oras kada araw ng caregiver ng IHSS at mga miyembro ng pamilya para maiwasan ang mga aksidente. Ipaliwanag ang mga aksyong kailangang gawin ng mga caregiver at miyembro ng pamilya para maiwasan ang pinsala o mga aksidente.

Maaaring gusto mo ring lumikha ng seksyon ng notasyon sa talaan ng panganib/pinsala na pinag-uusapan ang tungkol sa kung paanong hindi maaaring mabago ang bahay ng tumatanggap o gawing ganap na ligtas at/o ang alternatibong paraan kung saan ang indibidwal ay nababantayan kapag ang tumatanggap ng IHSS ay dapat maiwang mag-isa sa isang maikli, tiyak na haba ng panahon (kung naaangkop). Bilang halimbawa, ang tumatanggap ay maaaring iwanang mag-isa nang dalawang beses kada buwan para makapamilya ang miyembro ng pamilya nang hindi tatagal nang 2 oras at nababantayan ang tumatanggap sa pamamagitan ng pagtaggap ng tawag sa telepono sa bahay tuwing 20 minuto.

## **2) Kumuha ng karagdagang mga sulat para maidokumento ang pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa**

Kumuha ng sulat mula sa sentrong pangrehiyon o anumang ibang mapagkukunan tulad ng programang pang-araw o programa sa paaralan. Dapat maglaman ang sulat ng sumusunod na impormasyon:

Kumuha ng sulat mula sa sentrong pangrehiyon o anumang ibang mapagkukunan tulad ng programang pang-araw o programa sa paaralan. Dapat maglaman ang sulat ng sumusunod na impormasyon:

- Ang edad ng tumatanggap,
- Impormasyon tungkol sa (mga) kapinsalaan ng tumatanggap hinggil sa pag-iisip at/o karamdaman hinggil sa pag-iisip,
- Impormasyon tungkol sa katindihan ng mga limitasyon sa paggana na sanhi ng mga kapinsalaan sa larangan ng memorya, oryentasyon, at pagpapasya,
- Isang paglalarawan ng kung paanong nagsasahi ang mga limitasyon sa larangan ng memorya, oryentasyon at pagpapasya ng pagkalito at mga pag-uugaling hindi sariling-napapangasiwaan (hal. walang kakayahang kumilala ng mga lugar, panahon, mga tao, atbp.),
- Impormasyon tungkol sa kung kinakailangan o hindi ng indibidwal na maobserbahan o masubaybayan para mapanatili silang ligtas at kung bakit (hal. kapag gumagawa ang tumatanggap ng mga bagay



- na hindi ligtas, ang indibidwal ay napangangasiwaan sa pagsasalita at tumitigil ang pag-uugali),
- Magbigay ng mga halimbawa tungkol sa mga hindi ligtas na pag-uugali na mayroon ang indibidwal at kung gaanong kadalas mangyari ito.

## **Pagkuha ng medikal na dokumentasyon ng pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa**

### **1) Makakuha ng form ng “Pagtatasa ng Pangangailangan para sa Mapagtanggol na Pangangasiwa ng In-Home Supportive Services Program” (SOC 821 (3/06)) na kinukumpleto ng doktor ng tumatanggap**

Dapat kang kumuha ng kasalukuyang SOC 821 na nakumpleto ng doktor ng tumatanggap kapag humihiling ng mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa. Magtabi ng kopya ng form para sa iyong mga record. Gagamitin ng county ang form na ito para makakolekta ng impormasyon at makagawa ng pagpapasya tungkol sa pangangailangan sa mapagtanggol na pangangasiwa. Ang form na SOC 821 ay maaaring mai-download sa: <http://www.cdss.ca.gov/cdssweb/entres/forms/English/SOC821.PDF>

Ang form ay maaaring malagdaan ng isang medikal na propesyonal na may medikal na espesyalidad o lawak ng pagsasanay sa larangan ng memorya, oryentasyon, at pagpapasya. MPP 30-757.173(a)(1)(A).

Tatanungin ng form ng SOC 821 ang doktor ng tumatanggap para sa impormasyon tungkol sa paggana ng tumatanggap sa mga larangan ng memorya, oryentasyon at pagpapasya. Magtatanong din ang form para sa impormasyon tungkol sa anumang pinsala o aksidente na nagkaroon ang tumatanggap sanhi sa mga kakulangan sa larangan ng memorya, oryentasyon at pagpapasya at kung pisikal man o hindi mailalagay ng indibwal ang kanyang sarili sa mga mapanganib na sitwasyon.

Sa maraming pagkakataon, ipagkakaloob ng county ang mapagtanggol na pangangasiwa kung mamarkahan ng doktor ng tumatanggap ang mga kahon ng “oo” sa mga katanungang isa at dalawa ng form ng SOC 821 at mamarkahan ang mga kahon na “malala” sa lahat ng larangan ng paggana, at tatanggihan ang mapagtanggol na pangangasiwa sa bawat isa man. Gayunman, ipinapalagay ng county na gagamitin ang form ng SOC 821 hinggil sa ibang may kinalamang impormasyon para matasa ang pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa. Ang form ng

(SOC 821) lamang ay hindi magagamit para maipakita ang pagkanararapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa. (Welfare and Institution Code § 12301.21 at MPP 30-757.173(a)(2) at (3)).

**Paalala:** Kung nakumpleto ng doktor ng tumatanggap ang form ng SOC 821 (3/06) sa nakaraan at ipinahiwatig na hindi kinailangan ng tumatanggap ng mapagtanggol na pangangasiwa at nagpahiwatig ng pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa sa bagung-bagong nakumpletong SOC 821, dapat ipaliwanag ng doktor kung bakit nagkaroon ng pagbabago sa pangangailangan. Bilang halimbawa kung ang mga limitasyon sa paggana ng tumatanggap ay naging mas malala o kung dati nang natsekan ng doktor ang maling kahon o hindi alam kung paanong kumpletuhin ang form, dapat ipaliwanag ito doktor sa bagung-bagong nakumpletong form ng SOC 821.

**2) Kumuha ng karagdagang sulat ng doktor na idinodokumento ang pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa (Kalakip 1)**

Kumuha ng sulat ng doktor na idinodokumento ang kapansanan ng tumatanggap (karamdaman hinggil sa pag-iisip o kapinsalaan hinggil sa pag-iisip), lebel ng paggana, edad, at ipinapaliwanag kung paano nagsasanhi ang hindi magandang pagpapasya, kalituhan, mahinang memorya, o pagkataranta. Maaari mong gamitin ang form sa hulihan ng publikasyon na ito para makuha ang impormasyong inilalarawan sa itaas mula sa doktor ng tumatanggap.

Dapat may kamalayan ang doktor sa mga pag-uugali ng indibidwal at pisikal at kakayahan hinggil sa pag-iisip para mailagay ang kanyang sarili sa mga sitwasyong mapanganib upang wastong makumpleto ang form sa paketeng ito o para magbigay ng sulat na may nakatutulong na impormasyon kung paanong napipigilan ng mga kapinsalaan ng tumatanggap ang indibidwal na mapag-isa. Maaari mong bigyan ang doktor ng tumatanggap ng isang kopya ng talaan ng iyong panganib/pinsala upang maibahagi ang impormasyon sa doktor tungkol sa mga mapanganib na pag-uugali na mayroon ang tatanggap na pumipigil sa tao na maiwang mag-isa sa anumang oras sa panahon ng dalawampung-oras kada araw.

## **Iba pang form na kinakailangan para makakuha ng mapagtanggol na pangangasiwa**

- 1) Isang form na “PLAN NG NASASAKLAWAN NG 24-NA ORAS-KADA-ARAW NA MAPAGTANGGOL NA PANGANGASIWA” (SOC 825 (6/06)) na kinumpleto mo**

Kung himihiling ka ng 24-na oras na mapagtanggol na pangangasiwa, dapat mo ring kumpletuhin ang form na SOC 825. Hihilingan ka ng form na ito na magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paanong maibibigay ang dalawampung-oras na mapagtanggol na pangangasiwa MPP 30-757.173(a)(1)(A)(5). Bagamang sinasabi ng form na, “Optional County Use Form” ipinapayo naming kumpletuhin ang form na ito.

Ang form na ito ay nakalaan sa iyong lokal na tanggapan ng kapakanan (welfare office) ng county. Matatagpuan ito sa internet sa <http://www.dss.cahwnet.gov/cdssweb/entres/forms/English/soc825.pdf>

## **Sinasabi ng county na hindi ko kailangan ng mapagtanggol na pangangasiwa. Ano ang gagawin ko?**

Ang mga county ay may mga karaniwang dahilan sa pagsabi sa isang tao na sila ay hindi karapat-dapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa. Sa ibaba ay isang listahan ng karaniwang mga nasasaklawan ng county at ilang posibleng tugon.

<b><u>Mayroon bang malalang kapinsalaan hinggil sa pag-iisip?</u></b>	
<b>Pagbibigay-katwiran ng County</b>	<b>Ilang Tugon</b>
Malalalang kapansanan hinggil sa pag-uugali na hindi naobserbahan sa pagpapatingin sa bahay.	Ang iyong pang-araw-araw na talaan, pahayag na doktor, mga record ng sentrong pangrehiyon; napaikling pagpapatingin sa bahay, naobserbahang pag-uugali at mga alituntunin ng hindi nasagot na katanungan; ang mga pasyente ng dementia ay nagpapakita lamang ng “magagandang araw” sa mga panauhin; Form SOC 293, nagpapakita ang Line H nang 5 para sa isang kapinsalaan hinggil sa pag-iisip.
Kinakailangan ng mapagtanggol na pangangasiwa dahil sa pisikal na kapinsalaan, hindi kapinsalaan hinggil sa pag-iisip.	Dahil hindi nauunawaan ng kapinsalaan hinggil sa pag-uugali ang mga pisikal na kapinsalaan, hindi nauunawaan o kinalulugdan ang mga kinahihinatnan ng mga aksyon sa mga pisikal na kapinsalaan - yan ay, sinusubukang tumayo o lumakad nang walang tulong kapag hindi magawa nang walang peligro ng pinsala, kakain ng matatamis kahit na may mga peligro ng pinsala dahil sa diabetes, ay susubukang tanggalin ang benda, mga tubo o pampatibay dahil sumasakit ito o nakaiirita,

**Mayroon bang malalang kapinsalaan hinggil sa pag-iisip?**

<b>Pagbibigay-katwiran ng County</b>	<b>Ilang Tugon</b>
	atbp.
Mga pisikal na kapinsalaan na nagsasanhi ng mapanganib na pag-uugali.	Ang mga kapinsalaan hinggil sa pag-iisip ay nasasanhi rin ng hindi ligtas na pag-uugali; hindi kailangang magpakita hinggil sa pag-iisip ang tanging sanhi lamang.

**Mayroon bang panganib na pag-uugali sa bahay?**

<b>Dahilan ng County</b>	<b>Ilang Tugon</b>
Ang formal na diyagnosis ng kundisyon hinggil sa pag-iisip ay hindi nagpapatunay ng pangangailangan.	Pahayag ng doktor sa tipikal na pag-uugali para sa taong may ganoong diyagnosis.
Walang mga kapinsalaan kamakailan lang sa nakaraan .	Ang tumatanggap ay lubos na napangangasiwaan.
Walang ebidensya ng mapanganib na pag-uugali sa panahon ng pagtingin sa bahay ng manggagawa ng county.	Kadalasang hindi oras-oras; nakaligtaang araw bago at pagkatapos; hindi magawang panlahatan mula sa isang oras hanggang sa 24 na oras sa isang araw.
Pinipigilan ng "Kumpletong" pisikal na pagkaparalisa ang tumatanggap sa paggawa ng anumang bagay.	Ang anumang may layong aksyon na mapanganib, hal., paghila ng catheter, G-tube, atbp.

## **Iba pang IHSS at mga mapagkukunan ng mapagtanggol na pangangasiwa**

Ang Disability Rights California ay may mga publikasyon at iba pang nakatutulong na impormasyon sa website nito tungkol sa IHSS, nakalaan sa [http://www.disabilityrightsca.org/issues/inhome\\_pubs.html](http://www.disabilityrightsca.org/issues/inhome_pubs.html).

Nagbibigay rin ang Disability Rights California ng mga libreng serbisyo sa mga taga-California na may kapansanan sa mga isyu na nauugnay sa kapansanan. Para makahingi ng tulong maaari mong kontakin ang Disability Rights California sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-776-5746 para humiling ng paggamit.

Inilalathala ng Department of Social Services ang mga regulasyon nito, na tinatawag na “Manual of Policies and Procedures,” o “MPP,” sa website nito sa <http://www.dss.cahwnet.gov/ord/PG310.htm>.

Inilalathala ng California Department of Social Services ang All County Letters (ACLs) at All County Information Notices (ACINs) nito sa website nito sa <http://www.dss.cahwnet.gov/lettersnotices/default.htm>.

# Kalakup 1



## **Malawakang pananaw ng Mapagtanggol na Pangangasiwa**

Upang maging karapat-dapat para sa mapagtanggol na pangangasiwa ang isang tao ay kailangang may karamdaman hinggil sa pag-iisip o kapinsalaan na nagdudulot ng mga pag-uugaling tulad ng: hindi magandang pagpapasya (paggawa ng hindi magagandang desisyon tungkol sa kalusugan o kaligtasan), kalituhan/pagkataranta (paggala, naliligaw, napaghahalo ang mga tao, mga araw o panahon) o hindi magandang memorya (nakakalimutang simulan o tapusin ang isang bagay). Ang mga naturang kapinsalaan ay maaaring maganap na may kakulangan sa pag-iisip, autism, Alzheimer's at mga dementia, at mga saykayatrikong kapansanan. Ang mapagtanggol na pangangasiwa ay binubuo ng pagbabantay sa isang tao upang mapanatili silang ligtas.

Ang mapagtanggol na pangangasiwa ay hindi nakalaan para sa:

- Magiliw na pagbisita o mga aktibidad na pakikipagkapwa.
- Kung ang pangangailangan ay sanhi ng isang medikal na kundisyon at kinakailangan ng tao ng medikal na pangangasiwa.
- Bilang pag-asam sa isang medikal na emergency.
- Para kontrolin at pag-uugaling galit-sa-lipunan o agresibo.

## **Sampol ng kung ano dapat ang nasa Sulat ng Doktor**

Upang maipakita na karapat-dapat ang isang tumatanggap ng IHSS para sa mapagtanggol na pangangasiwa ang tumatanggap ng IHSS ay dapat makakuha ng patunay (sa anyo ng isang sulat ng doktor) mula sa kanilang doktor tungkol sa kanilang pangangailangan para sa serbisyo. Ang sulat ng doktor ay dapat ilarawan ang kapansanan ng indibidwal (karamdaman hinggil sa pag-iisip o kapinsalaan hinggil sa pag-iisip), lebel ng paggana, mga kapinsalaan sa paggana, ang kanyang edad, at ilarawan kung paano nagsasanhi ang kanyang kapansanan ng hindi magandang pagpapasya, pagkalito, mahinang memorya, o pagkataranta at magbigay ng mga halimbawa ng mapapanganib na pag-uugali na may roon ang indibidwal na hindi niya nauunawaan na mapapanganib.

Dapat din magbigay ang sulat ng mga kasagutan sa mga sumusunod na katanungan na nasa susunod na pahina o kumpletuhin ang form na nasa susunod na pahina bilang karagdagan sa pagsulat tungkol sa pangangailangan ng mga indibidwal para sa mapagtanggol na pangangasiwa.

Pangalan ng Benepisyaryo: \_\_\_\_\_

Petsa ng Kapanganakan: \_\_\_\_\_

Diyagnosis: \_\_\_\_\_

Prognosis: \_\_\_\_\_

1. Ang indibidwal ba ay may kapinsalaan hinggil sa pag-iisip o kapinsalaan sa pagbibigay katalusan bilang isang resulta ng kanilang kapansanan?

Mangyaring tsekan ang naaangkop na kasagutan:  Oo o  Hindi

2. Ang kapinsalaan hinggil sa pag-iisip o kapinsalaan sa pagbibigay katalusan ba ay pumipigil sa indibidwal na maiwanang mag-isa?

Mangyaring tsekan ang naaangkop na kasagutan:  Oo o  Hindi

3. Ang mga pag-uugali ba na inilarawan sa Talaan ng Panganib at Pinsala ng mga indibidwal ay naaalinsunod sa diyagnosis ng indibidwal?

Mangyaring tsekan ang naaangkop na kasagutan:  Oo o  Hindi

4. Ang kapansanan ba ng indibidwal ay maaaring asahang magsasanhi sa uri ng mga pag-uugali na nagsasanhi sa Talaan ng Panganib at Pinsala?

Mangyaring tsekan ang naaangkop na kasagutan:  Oo o  Hindi

5. Makaaapekto ba ang kapansanan sa pagpapasya ng indibidwal hinggil sa kaligtasan?

Mangyaring tsekan ang naaangkop na kasagutan:  Oo o  Hindi

6. Mangyaring magbigay ng maikling paliwanag ng kasagutan sa itaas at isang paglalarawan ng mga limitasyon sa paggana ng benepisyaryo:

---

---

---

---

---

---

Naibigay ko ang impormasyon sa itaas sa pinakamainam ng aking kaalaman.

Nilagdaan ni: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

---

Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga publikasyon at ipaalam sa amin kung ano ang lagay namin! [\[Kunin ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tawagan ang 800-776-5746 o kumpletuhin ang [form ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa lahat ng ibang layunin tumawag sa 916-504-5800 (Northern CA); 213-213-8000 (Southern CA).

*Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*